

ang mahabang track record ng probinsiya sa pagkakaroon ng responsible fiscal management.

- inaasahang panatilihin ng probinsiya sa 2017-18 ang pagkakaroon ng pinakamababang paggastos sa program bawat capita.
- inaasahang lumaki ang kabuuang revenue na \$152.5 bilyon sa 2018–19 at maging \$163.8 bilyon sa 2020–21; ito’y resulta ng inaasahang patuloy na paglago ng ekonomiya.
- inaasahang tumaas ang gastos ng probinsiya sa mga program – gastos na nagkakahalaga ng \$145.9 bilyon – at maging \$155.8 bilyon sa pagitan ng 2018–19 at 2020–21; sinusuportahan nito ang mga malakas at mahahalagang serbisyo sa publiko.
- pag-iisahin ang pag-deliver ng programa at ang kasalukuyang resources ay itatakda sa iba upang bawasan ang pagdoble ng mga serbisyo, habang gumagamit ng mga innovative na paraan sa pagbigay ng mga serbisyo upang gawing mas mainam ang mga programa para sa mga tao.
- inaasahang lumaki ang real GDP growth nang 1.9 porsiyento hanggang 2021.
- inaasahang gumawa ang mga export at business investment ng malalaking kontribusyon sa paglago ng ekonomiya ng Ontario.

Debt management, o paano pinamamahalaan ng Ontario ang utang nito

Ang kasalukuyang interest sa gastos sa utang ay 8 cents para sa bawat dolyar na kinikita, kumpara sa 15 cents noong 2000.

Sa Ontario, upang ipagpatuloy ang responsible debt management:

- nakamit nito ang pinakamababang interest sa debt-to-revenue ratio sa nakalipas na 25 taon, at dahil dito’y mas malaki ang revenue dollars o kinikitang dolyares na magagastos ng probinsiya sa mga programang direktang nagbebenepisyo sa mga taga-Ontario.
- tinutulungan nito ang probinsiya na matugunan ang kanyang mga pinansiyal na obligasyon, ngayon at sa darating na panahon, sa pamamagitan ng pagpapanatili ng karaniwang level ng cash reserve na mahigit sa \$30 bilyon.
- sinasamantala nito ang mababang interest rates at ang malaking demand para sa Ontario bonds upang mamintina ang mahabang average term ng debt portfolio ng probinsiya.
- nangangako itong ipagpatuloy ang Green Bond program – isang bahagi ng programa ng pagpapahiram sa Ontario – bilang isang mahalagang tool na tutulong sa Ontario na pondohan ang transit at iba pang environmentally friendly projects.